# PAGKAISAHIN ANG LAHAT NG PWERSANG ANTIHAPONES AT LABANAN ANG MGA SAGADSARING ANTI-KOMUNISTA*

*Pebrero 1, 1940*

[Binigkas ni Kasamang Mao Zedong ang talumpating ito sa isang rali ng masa na ginanap sa Yenan para tuligsain si Wang Ching-wei.]

Bakit tayo, na nagbuhat sa lahat ng uri ng pamumuhay sa Yenan, nagtitipun-tipon dito ngayon? Narito tayo para tuligsain ang traydor na si Wang Ching-wei, narito tayo para pagkaisahin ang lahat ng pwersang anti-Hapones at labanan ang mga sagadsaring anti-Komunista.

Maraming beses na nating mga Komunista ipinahayag na desidido ang imperyalismong Hapones na ipatupad ang patakaran nitong sakupin ang Tsina. Anupamang pagbabago ang mangyari sa gabinete ng Japan, hindi nito babaguhin ang batayan nitong patakarang sakupin ang Tsina at gawin itong kolonya. Sindak na sindak sa katotohanang ito, si Wang Ching-wei, ang kinatawang pampulitika ng maka-Hapong paksyon ng malaking burgesyang Tsino, ay susukut-sukot sa harap ng Japan at nagpatibay ng traydor na kasunduan na ipinagkakanulo ang Tsina sa imperyalismong Hapones. Isa pa, gusto niyang magtayo ng papet na gubyerno at hukbo laban sa gubyerno at hukbong anti-Hapones. Nitong mga nakaraang araw, halos hindi niya nababanggit ang tungkol sa paglaban kay Chiang Kai-shek at nababalitang "nakipag-alyansa na siya kay Chiang." Anti-komunismo ang pangunahing layunin ng Japan at ni Wang Ching-wei. Dahil alam nilang ang Partido Komunista ang pinakamatatag lumaban sa Japan at ang pagtutulungang Guomindang-Komunista ay nangangahulugang mas lalakas ang pagtatanggol, ginagawa nila ang lahat ng makakaya para mawasak ang pagtutulungang ito at mapaghiwalay ang dalawa, o mas mabuti pa nga'y paglabanin ang mga ito. Kung gayon, ginagamit nila ang mga sagadsarin sa loob ng Guomindang para manggulo sa lahat ng lugar. Sa Hunan, nangyari ang masaker sa Pingkiang;[1] sa Honan, ang masaker sa Chuehshan;[2] sa Shansi, sinalakay ng lumang hukbo ang bagong hukbo;[3] sa Hopei, sinalakay ni Chang Yin-wu ang Hukbo ng Ikawalong Ruta;[4] sa Shantung, sinalakay ni Chin Chi-jung ang mga gerilya;[5] sa silangang Hupeh, mula 500 hanggang 600 Komunista ang pinaslang ni Cheng Ju-huai;[6] at doon naman sa Hangganang Rehiyong Shensi-Kansu-Ningsia, tinatangka ng mga sagadsarin na magtayo ng network ng mga espiya sa loob ng rehiyon at magblokeyo mula sa labas, at naghahanda ng armadong salakay.[7] Dagdag pa rito, inaresto nila ang maraming progresibong kabataan at ikinulong ang mga ito sa mga *concentration camp*[8]; inupahan nila ang mapagkalat ng metapisika na si Chang Chun-mai para gumawa ng mga reaksyunaryong panukala na naglalayong likidahin ang Partido Komunista, buwagin ang Hangganang Rehiyong Shensi-Kansu-Ningsia at lansagin ang Hukbo ng Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo; at inupahan nila ang Trotskyistang si Yeh Ching at iba pa para magsulat ng mga artikulong tumutuligsa sa Partido Komunista. Iisa ang layunin ng lahat ng ito – guluhin

ang paglaban sa Japan at gawing kolonyal na alipin ang sambayanang Tsino.[9]

Sa gayo'y nagsasabwatan ang pangkating Wang Ching-wei at ang mga sagadsaring anti-Komunista sa loob ng Guomindang, ang isa'y mula sa labas at ang isa nama'y mula sa loob, at nanggugulo sila nang husto.

Ikinagalit ang kalagayang ito ng napakaraming mamamayan na nag-iisip na tapos na ang pagtatanggol laban sa Japan, at masasamang tao ang lahat ng myembro ng Guomindang at dapat labanan ang mga ito. Masasabi ngang makatwirang-makatwiran ang kanilanggalit, dahil paano naman mapipigilan ninuman na magalit kapag napakalubha ng sitwasyon? Pero hindi pa talo ang paglaban sa Japan at hindi rin masasamang lahat ang mga myembro ng Guomindang. Dapat iba't iba ang patakaran sa iba't ibang seksyon ng Guomindang. Ang walang kunsensyang mga buhong na ng Guomindang na pangahas na patraydor na bumira sa Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo, nagmasaker sa Pingkiang at Chuehshan at nanggulo sa Hangganang Rehiyon at nanalakay sa mga progresibong hukbo, organisasyon at indibidwal – ang mga buhong na ito ay hindi dapat hayaan kundi dapat bigwasan ng kontrabira; hindi maaari ang anumang konsesyon sa kanila. Ito'y dahil wala silang kakunse-kunsyensya't lumilikha ng "hidwaan", nagmamasaker at nang-iisplit kahit na pinasok na nang malalim ang ating teritoryo ng ating pambansang kaaway natin. Anuman ang isipin nila, tinutulungan nila sa katunayan ang Japan at si Wang Ching-wei, at mula't sapul, mga traydor nang espiya ang ilan sa kanila. Mali kung hindi sila parurusahan; palalakasin lamang nito ang loob ng mga kolaboreytor at traydor, pagkakanulo ito sa pambansang pagtatanggol at sa inang-bayan, at mahihimok ang mga buhong myembro ng Guomindang na guluhin ang nagkakaisang prente. Malalabag ang patakaran ng ating Partido. Gayunman, ang tanging layunin ng patakarang birahin ang mga palasuko at ang mga sagadsaring anti-Komunista ay ipagpatuloy ang pagtatanggol laban sa Japan at ipagsanggalang ang nagkakaisang prenteng anti-Hapones. Kung gayon, makitungo tayo nang maayos sa mga myembro ng Guomindang na hindi palasuko o sagadsaring anti-Komunista kundi tapat sa Gera sa Pagtatanggol; makipagkaisa tayo sa kanila, respetuhin natin sila at pumayag tayong patuloy na makipagtulungan sa kanila nang matagalannang sa gayo'y mailagay sa maayos ang ating bayan. Ang sinumang kumilos nang salungat dito ay lumalabag din sa patakaran ng Partido.

Dalawahan ang patakaran ng Partido: sa isang banda'y pagkaisahin ang lahat ng progresibong pwersa at lahat ng mamamayang tapat sa simulaing magtanggol laban sa Japan, at sa kabilang banda'y labanan ang lahat ng buhong na walang budhi, lahat ng palasuko at lahat ng sagadsaring anti-Komunista. Iisa ang layunin ng dalawang aspetong ito ng ating patakaran – pihitin ang kalagayan at gapiin ang Japan. Ang tungkulin ng Partido Komunista at ng mamamayan sa buong Tsina ay pagkaisahin ang lahat ng pwersang nagtatanggol at progresibo, labanan ang lahat ng pwersang palasuko at paurong at puspusang kumilos para pigilan ang paglala ng kasalukuyang kalagayan at painamin ang sitwasyon. Ito ang ating saligang patakaran. Optimistiko tayo; hindi tayo mawawalan ng pag-asa. Hindi tayo natatakot sa anumang pananalakay ng mga palasuko o ng mga sagadsaring anti-Komunista. Dapat natin silang durugin, at tiyak na magagawa natin ito. Tiyak na makakamit ng Tsina ang pambansang kalayaan; hindi kailanman masasawi ang Tsina. Tiyak na uunlad ang Tsina, at pansamantala lamang ang kasalukuyang pag-atras.

Sa pulong natin ngayon, nais rin nating ilinaw sa mamamayan sa buong Tsina na ang

pagkakaisa at pag-unlad ng buong bansa ay mahalaga sa Digma ng Pagtatanggol. Paglaban lamang ang binibigyang-diin ng ilan at nag-aatubiling magbigay-diin sa pagkakaisa at pag-unlad, o kaya'y hindi pa nga binabanggit ang mga ito. Mali ang ganito. Paano maipagpapatuloy ang Digma ng Pagtatanggol kung walang tunay at mahigpit na pagkakaisa, kung walang mabilis at matatag na pag-unlad? Unipikasyon ang binibigyang-diin ng mga sagadsaring anti-Komunista na nasa Guomindang, pero ang tinatawag nilang unipikasyon ay hindi naman tunay kundi isa lamang pagkukunwari, hindi makatwiran kundi walang katwirang unipikasyon, hindi unipikasyonsa nilalaman kundi sa porma. Naghuhumiyaw sila para sa unipikasyon, pero ang talagang gusto nila ay lipulin ang Partido Komunista, ang Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo at ang Hangganang Rehiyong Shensi-Kansu-Ningsia, sa katwirang hindi raw mabubuklod ang Tsina hanggat umiiralang mga ito. Gusto nilang isuko ang lahat sa Guomindang hindi lamang para ipagpatuloy kundi palawakin pa ang solo partidong diktadura ng kanilang partido. Kung mangyayari ito, anong unipikasyon ang mangyayari? Ang totoo'y kung hindi nanindigan ang Partido Komunista, ang Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo at ang Hangganang Rehiyong Shensi-Kansu-Ningsia at kung hindi nila tapat na itinaguyod na wakasan ang digmaang sibil at magkaisa para magtanggol laban sa Japan, disin sana'y walang nagpasimula sa Pambansang Nagkakaisang Prenteng Anti-Hapones o nagpasimuno sa mapayapang pagresolba sa Insidenteng Sian, at disin sana'y hindi nga naging possible ang pagtatanggol laban sa Japan. At kung ngayo'y hindi nanindigan ang Partido Komunista, ang Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo, ang Hangganang Rehiyong Shensi-Kansu-Ningsia at ang mga demokratikong baseng purok na anti-Hapones at kung hindi sila tapat na nagpunyagi sa pagtatanggol laban sa Japan at sinalungat ang mapanganib na tunguhin sa pagsuko, isplit at pag-urong, disin sana'y lumala nga nang husto ang sitwasyon. Kinakaharap ng ilang daang libong tropa ng Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo ang 40 porsyento ng kaaway na pwersa sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa 17 sa 40 dibisyong Hapones.[10] Bakit lalansagin ang mga hukbong ito? Ang Hangganang Rehiyong Shensi-Kansu-Ningsia ang pinakamaunlad na rehiyon sa Tsina; isa itong demokratikong baseng purok na anti-Hapones. Dito, unang-una na, ay walang tiwaling upisyal; pangalawa, walang lokal na tirano at masamang aristokrata; pangatlo, walang sugal; pang-apat, walang puta; panlima, walang *concubine*; pang-anim, walang pulubi; pampito, walang makitid at makasariling pangkat; pangwalo, walang nasisiraan ng loob at pagpapabaya; pansiyam, walang manunulsol ng hidwaan; at pansampu, walang nanunuba sa digma. Kung gayo'y bakit bubuwagin ang Hangganang Rehiyon? Mga walanghiya lamang ang nangangahas magmungkahi ng ganyang kasuklam-suklam na bagay. Ano'ng karapatan ng mga sagadsaring ito na magsalita laban sa atin? Hindi, mga Kasama! Ang kailangang gawin ay hindi ang buwagin ang Hangganang Rehiyon, hindi ang lansagin ang Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo at hindi ang lipulin ang Partido Komunista kundi ang gawin silang huwaran ng buong Tsina, hindi ang hatakin ang mga progresibo sa antas ng mga atrasado kundi ang paagapayin ang mga atrasado sa mga progresibo. Tayong mga Komunista ang pinakamatatag na tagapagtaguyod ng unipikasyon; tayo ang nagpasimula at nagpapatuloy ng nagkakaisang prente at nagbabandila ng islogang magtatag ng nagkakaisang demokratikong republika. Sino pa ba ang nakapagpanukala sana ng mga bagay na ito? Sino pa ba ang nakapagpatupad sana ng mga ito? Sino pa ba ang masisiyahan na sa

buwanang alawans na limang yuan lamang?[11] Sino pa ba ang nakapagtatag sana ng ganito kalinis at di mababatikang gubyerno? May iba't ibang tipo ng unipikasyon. May sariling ideya ng unipikasyon ang mga palasuko – gusto nilang pagkaisahin tayo na sumuko; may sariling ideya ng unipikasyonang mga sagadsaring anti-Komunista – gusto nilang pagkaisahin tayong hatiin ang ating pwersa at umurong. Matatanggap ba natin ang mga ideya nilang ito? Maituturing bang tunay ang unipikasyon na hindi nakabatay sa paglaban, pagkakaisa at pag-unlad? Masasabi bang makatwiran ito o tunay na unipikasyon? Panaginip! Nagpupulong tayo dito ngayon para iharap ang sarili nating ideya ng unipikasyon. Ang ideya natin ng unipikasyon ay kapareho ng sa sambayanang Tsino, ng sa bawat mamamayang may kunsyensya. Nakabatay ito sa pagtatanggol, pagkakaisa at pag-unlad. Sa pamamagitan lamang ng pag-unlad natin makakamit ang pagkakaisa; sa pamamagitan lamang ng pagkakaisa tayo makapagtatanggol laban sa Japan; at sa pamamagitan lamang ng pag-unlad, pagkakaisa at paglaban mabubuklod ang Tsina. Ito ang ideya natin ng unipikasyon, isang tunay, makatwiran at totoong unipikasyon. Pambansang pagkaalipin ang kalalabasan ng ideya ng huwad, di makatwiran at pormal na unipikasyon, at mga taong walang kakunse-kunsyensya ang nagtataguyod sa ganitong ideya ng unipikasyon. Gustong wasakin ng mga taong ito ang Partido Komunista, ang Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo at ang mga demokratikong baseng purok na anti-Hapones at gusto nilang lipulin ang lokal na pwersang anti-Hapones nang sa gayo'y makapagpataw ng unipikasyon sa ilalim ng Guomindang. Isa itong pakana, isang pagtatangkang ipagpatuloy ang awtokratikong paghahari na kunwari'y unipikasyon, ibenta ang karneng aso ng solo partidong diktadura ng kanilang partido sa tatak ng tupang unipikasyon; pakana ito ng mga garapal na hambog na walang kahiya-hiya. Nagpupulong tayo dito ngayon para ilantad ang tigreng papel nilang ito. Walang humpay nating labanan ang mga sagadsaring anti-Komunistang ito.

## MGA TALA

1. Noong Hunyo 12, 1939, lihim na inatasan ni Chiang Kai-shek ang Hukbo ng Ika-27 Grupo ng Guomindang at nagpakilos ito ng mga tropa para paligiran ang Upisinang Tagapag-ugnay ng Bagong Ikaapat na Hukbo sa Pingkiang, probinsya ng Hunan, at walang awang pinatay ng mga tropa sina Kasamang Tu Cheng-kun, upisyal ng istap ng Bagong Ikaapat na Hukbo, Kasamang Lo Tzu-ming, medyor at ayudante ng Hukbo ng Ikawalong Ruta, at ang apat pang kasama. Sa masaker na ito ay hindi lamang ang mamamayan sa mga demokratikong baseng purok na anti-Hapones ang nagngitngit kundi pati ang may kunsyensyang mamamayan sa mga lugar ng Guomindang.

2. Nangyari ang masaker sa Chuehshan noong Nobyembre 11, 1939, nang salakayin ng mahigit 1,800 sikreta at sundalong Guomindang ang mga upisinang tagapag-ugnay ng Bagong Ikaapat na Hukbo sa bayan ng Chukou, *county* ng Chuehshan sa Honan. Mahigit 200 katao ang pinatay, kabilang ang mga upisyal at sundalo ng Bagong Ikaapat na Hukbo na nasugatan sa digma laban sa Japan at ang mga myembro ng kanilang mga pamilya.

3. Ang lumang hukbo ay ang mga tropang pinamumunuan ni Yen Hsi-shan, ang warlord na Guomindang sa Shansi; ang bagong hukbo, na kilala sa tawag na Handang Mamatay na Kwerpo Laban sa Japan, ay ang hukbong bayang anti-Hapones ng Shansi na lumaki sa impluwensya at pamumuno ng Partido Komunista. Noong Disyembre 1939, nagkonsentra sina Chiang Kai-shek

at Yen Hsi-shan ng anim na kwerpo ng hukbo sa kanlurang Shansi para salakayin ang bagong hukbo, pero lumasap sila ng malaking pagkatalo. Kasabay nito'y sinalakay ng mga tropa ni Yen sa timog-silangang Shansi ang mga demokratikong gubyernong anti-Hapones ng mga *county* at ang mga organisasyong masa sa purok ng Yangcheng-Chincheng, at pinatay ang napakaraming Komunista at progresibo.

4. Biglaang sinalakay ni Chang Yin-wu, kumander ng kwerpong pangkapayapaan ng mga bandidong Guomindang sa Hopei, ang mga upisinang tagapag-ugnay ng Hukbo ng Ikawalong Ruta sa *county* ng Shenhsien, Hopei, noong Hunyo 1939 at pinatay ang mahigit 400 kadre at sundalo nito.

5. Sa utos ni Shen Hung-lieh, ang Guomindang na gubernador ng Shantung, sinalakay ng mga bandidong tropa ni Chin Chi-jung ang Ikatlong Destakamentong Gerilya ng Kolum ng Shantung ng Hukbo ng Ikawalong Ruta sa Poshan noong Abril 1939, at pinatay ang 400 sundalo , kabilang ang mga upisyal ng redyiment.

6. Noong Setyembre 1939, sinalakay ni Cheng Ju-huai, kumander militar ng Guomindang sa silangang Hupeh, ang mga upisinang tagapag-ugnay ng Bagong Ikaapat na Hukbo, at pinatay ang mula 500 hanggang 600 Komunista.

7. Mula taglamig ng 1939 hanggang tagsibol ng 1940, sinakop ng mga tropang Guomindang ang mga bayan ng Chunhua, Hsunyi, Chengning, Ninghsien at Chenyuan sa Hangganang Rehiyong Shensi-Kansu-Ningsia.

8. Ginaya ng mga reaksyunaryong Guomindang ang mga pasistang Aleman at Italyano at noong gera laban sa Japan ay nagtayo sila ng maraming *concentration camp* na nakakalat mula Lanchow at Sian sa hilagang-kanluran hanggang Kanchow at Shangjao sa timog-silangan. Napakaraming Komunista, makabayan at kabataang progresibo ang ikinulong doon.

9. Pagkaraang bumagsak ang Wuhan noong Oktubre 1938, pinatindi ng Guomindang ang mga aktibidad nito laban sa mga Komunista. Noong Pebrero 1939, lihim na naglabas si Chiang Kai-shek ng mga dokumentong tulad ng "Mga Hakbang sa Pagharap sa Usapin ng Komunismo" at "Mga Hakbang sa Pagsasanggalang Laban sa mga Aktibidad ng mga Komunista sa mga Lugar na Sakop ng Japan," at pinatindi niya ang pampulitikang panunupil sa Partido Komunista sa mga lugar na kontrolado ng Guomindang at ang mga  pananalakay military sa Partido sa gitna at hilagang Tsina. Ang kulminasyon nito ay ang unang malakihang anti-Komunistang pananalakay noong Disyembre 1939 hanggang Marso 1940[10]. Di naglaon, kinaharap ng Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo ang mas marami pang tropang Hapones. Pagsapit ng 1943, nakikipaglaban sila sa 64 na porsyento ng pwersa sa agresyon ng Japan at 95 porsyento ng mga papet na tropa.

11. Limang yuan ang karaniwang na buwanang alawans ng lahat ng nagseserbisyo sa armadong pwersang anti-Hapones at mga upisina ng gubyernong anti-Hapones na pinamumunuan ng Partido Komunista.